

VA



U.S. Department of Veterans Affairs
Veterans Benefits Administration

Fiduciary Program

Ano ang Department of Veteran Affairs Fiduciary program?

Ang fiduciary program ay nagkakaloob ng pamamahala sa pinakamahihinang beneficiary ng VA. Ito ang mga tao na hindi kayang pangasiwaan ang kanilang mga benepisyong VA nang mag-isa. Marahil ito ay dahil sa isang pinsala, pagkakasakit, maagang pagtanda o kabataan. Ang VA ay nagtatalaga ng mga fiduciary o katiwala na mangangasiwa sa mga benepisyo ng VA para sa mga beneficiary na ito. Ang VA ay namamala rin sa mga itinalaga ng VA na fiduciary para matiyak na natutugunan ang mga pangangailangan ng mga beneficiary ng VA.

Ano Ang Fiduciary?

Ang fiduciary ay isang tao o entidad na itinalaga ng VA upang tumanggap ng mga benepisyo sa ngalan ng beneficiary. Ang mga benepisyo ay dapat gamitin upang tulungan ang beneficiary o ang mga dependent nito.

Kailan Kinakailangan ang isang Fiduciary?

Ang bawat beneficiary ay may karapatang pangasiwaan ang kanilang sariling mga benepisyo sa VA. Gayunpaman, kung ipinapahiwatig ng isang medikal na katibayan na hindi nila mapapamahalaan ang kanilang mga benepisyo, maaaring magtatalaga ang VA ng isang fiduciary para tumulong sa beneficiary. Ang fiduciary ay maaari ring maitalaga kung ideklara ng korte ang beneficiary na hindi kayang mamahala sa mga pinansiyal na gawain. Ang desisyon ay maaaring i-apela sa Board of Veterans Appeals.

Ano ang Fiduciary Appointment Process (Proseso ng Pagtatalaga ng Fiduciary)?

Bago ang appointment, susuriin ng VA ang kapakanan at mga pangangailangan ng beneficiary at mga dependent nito. Ang pagsusuring ito ay bahagyang batay sa pagpupulong nang harapan sa tahanan ng beneficiary.

Susuriin din ang fiduciary. Tinitiyak nito na ang napiling tao ay kuwalipikado at handang maglingkod. Kabilang sa pagsusuring ito ang:

- Pagpupulong nang harapan
- Pagsusuri sa credit history
- Isang criminal background check
- Mga panayam sa testigo sa katauhan

Maaaring kailanganin din ng fiduciary na magsumite ng taunang accounting o kumuha ng surety bond. Uutusan ng VA ang fiduciary tungkol sa mga tungkulin at kahilingan ng posisyon. Magbibigay rin ang VA ng impormasyon tungkol sa pangangailangan ng beneficiary, kabilang ang buwanang bayarin.

Pagkatapos ng paunang pagtatalaga ng fiduciary, magsasagawa ang VA ng mga follow-up na pagbisita. Ang mga pagbisitang ito ay nagmomonitor sa kagalingan ng beneficiary at pagganap ng katiwala. Kung mayroong mga hindi natugunang pangangailangan o isyu, maaaring magtatalaga ang VA ng bagong fiduciary.

Sino Ang Maaaring Maglingkod bilang isang Fiduciary?

Pumipili ang VA ng pinaka-pektibo at pinaka-hindi mahigpit na pagsasaayos ng fiduciary. Ang pinakamahalagang pagsasaang-alang ay kung mapangangasiwaan o hindi ng beneficiary ang kanilang mga benepisyo sa ilalim ng pinangangasiwaang direktang bayad nang may limitadong pagsubaybay ng VA. Pagkatapos, isasaalang-alang ng VA ang sumusunod na mga tao para sa fiduciary:

- Pagpipilian ng beneficiary
- Asawa ng beneficiary
- Iba pang mga miyembro ng pamilya
- Mga kaibigan
- Kwalipikadong mga tagapag-alaga
- Punong opisyal ng publiko o pribadong institusyon
- Ang pinagsama-samang opisyal ng Indian reservation
- Isang indibidwal o entidad na itinalaga ng korte

Kung ang mga nasa itaas ay hindi available, ang VA ay magtatalaga ng may bayad na fiduciary.

Paano Ako Magiging Fiduciary?

Kung interesado kang magsilbi bilang isang fiduciary, magsumite ng kahilingan kasama ang pangalan ng beneficiary at file number ng VA, kasama ang iyong pangalan at impormasyon ng kontak, sa inyong pinakamalapit na panrehiyong opisina ng VA. Maaari mong hanapin ang iyong pinakamalapit na opisina sa <https://www.va.gov/directory/guide/division.asp?dnum=3> o sa pagtawag sa 1-800-827-1000.

Kung interesado kang magsilbi bilang isang propesyonal na fiduciary, isumite ang iyong resume na may cover letter sa VA_Fiduciary@va.gov Isama ang iyong pangalan, ang pangalan ng iyong organisasyon o negosyo, at ang iyong mailing at email address.

Maaari mong hanapin ang mga karagdagang impormasyon sa <https://www.benefits.va.gov/FIDUCIARY/>.